# *Ginagawa mo ba ang Kalooban ng Dios Yugto 7*
# *Pagdurusa para kay Cristo*

***"8 Na una sa lahat ay maging maningas kayo sa inyong pagiibigan; sapagka't ang pagibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan:9 Na mangagpatuluyan kayo ng walang bulongbulungan:10 Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawa't isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios;11 Na kung ang sinoma'y nagsasalita, ay gaya ng sa mga aral ng Dios: kung ang sinoman ay nangangasiwa, ay gaya ng sa kalakasang ibinibigay ng Dios: upang ang Dios ay papurihan sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesucristo, na sa kaniya ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan man. Siya nawa.12 Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay:13 Kundi kayo'y mangagalak, sapagka't kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak.14 Kung kayo'y mapintasan dahil sa pangalan ni Cristo, ay mapapalad kayo; sapagka't ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo.15 Nguni't huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:16 Nguni't kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Dios sa pangalang ito.17 Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios?18 At kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas, ang masama at ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap?19 Kaya't ipagkatiwala naman ng nangagbabata ayon sa kalooban ng Dios ang kanilang mga kaluluwa sa paggawa ng mabuti sa tapat na Lumalang."(1 Pedro 4:8-19 KJV)***

***"8 Na una sa lahat ay maging maningas kayo sa inyong pagiibigan; sapagka't ang pagibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan:" (1 Pedro 4:8 KJV)*** *Ang pangunahing bagay dito ay magpatuloy na mamuhay para kay Cristo, at magtiyaga sa pagharap sa pagdurusa, upang magkaroon ng higit na pagibig at gaya ng sinabi dito maningas sa pagiibigan. Ang maningas ay dapat palawakint at walang patid; pagkakaroon ng walang hangganan sa pagibig na magawang maihalo at kalaunan ay mawala ang mga kasalanan mula sa atin.* Ang pagsagana ng katampalasan at ang pagibig ng marami ay lalamig***, "At dahil sa pagsagana ng katampalasanan, ang pagibig ng marami ay lalamig." (Mateo 24:12 KJV)*** sa gayo'y para harapin ang gawa ng kasamaan, ang pagibig ay dapat lumawak.

Hinarap ni Jesus ang mga Fariseo na sila'y walang pagibig ng Dios***. "42 Datapuwa't nakikilala ko kayo, na kayo'y walang pagibig ng Dios sa inyong sarili." (Juan 4:42)*** Ipinakita Niya rin sa kanila na ginagawa ng ilan sa kanila ang mga utos ng Dios kagaya ng pagiikapu ngunit pinapabayaan at isinasantabi nila ang ibang mga utos. ***"Datapuwa't sa aba ninyong mga Fariseo! sapagka't nagbibigay kayo ng ikapu ng yerbabuena, at ng ruda, at ng bawa't gugulayin, at pinababayaan ninyo ang katarungan at ang pagibig ng Dios: datapuwa't dapat ngang gawin ninyo ang mga ito, at huwag pabayaan di ginagawa ang mga yaon." (Lucas 11:42)*** *Ang pagiingat sa lahat ng mga utos ng Dios at pagbibigay sa ating buhay alang-alang sa iba ay pagpapakita ng totoong pagibig,* ***"10 Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig. 12 Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan." (John 15:10, 12-13)*** Si Cristo ay tumalima sa pagibig ng Ama na nagawa Niyang ibigay ang Kanyang buhay sa krus upang iligtas tayo mula sa kasalanan. *Sa pagbibigay halimbawa kay Cristo para sa atin ay nagtuturo sa atin na sumunod sa mga utos ng Dios at sa huli'y pangunahan tayo na ibigay ang ating buhay para maglingkod sa Kanya upang paglingkuran ang iba.* Si Cristo ay may lubos na kagalakan nang Siya ay tumalima sa mga utos ng Dios at nagawa Niyang malampasan ang panahon ng pagdurusa. Kapag ginawa natin ang katulad gaya ng pagtalima ni Jesus sa mga utos ng Dios tayo ay magkakaroon ng kagalakan at malubos: ***"Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos." (Juan 15:11)*** Ang uri ng maningas na pagibig ay inihayag sa atin ni Cristo sa mga Salita at gawa, at si Cristo ay nagpatuloy na ipahayag ito sa buong sanglibutan nang Siya ay namatay sa krus para alisin ang mga kasalanan ng sangkatauhan, ***"At ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan, at ipakikilala ko; upang ang pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako'y sa kanila." (Juan 17:26)***

***"8 Na una sa lahat ay maging maningas kayo sa inyong pagiibigan; sapagka't ang pagibig ay nagtatakip ng karamihang kasalanan:" (1 Pedro 4:8***) Ang maningas na pagibig ay unang makikita sa pamilya ng Dios, sa mga mananampalataya, sa pamayanan ng simbahan, at kapag ito ay dumadami at umaaapaw malalampasan ang kasalanan at ang gawa ng diablo, at makikita sa pagsisisi, sa pagpapatawad at sa pagbabago sa buhay ng mga tao at mag-uumapaw sa sanglibutan na nakapalibot sa simbahan. Ito ay mahahayag sa mga paglilingkod at mga serbisyo sa iba sa mga mananampalataya at aabot sa mga hindi mananampalataya at sa pinakamalayong lugar para abutin ang nawawala.

***"9 Na mangagpatuluyan kayo ng walang bulongbulungan:" (1 Pedro 4:9)*** Ang mananampalataya ay dapat mapagpatuluyan at mapagbigay sa mga panauhin, lalo na sa mga papunta para maglingkod sa Panginoon kasama natin. Kailangan tulungan natin sila sa kanilang paglilingkod. Sa sulat ni Pablo kay Timoteo at Titus ay nakatuon sa mabuting pakikitungo na maiugnay sa mga pinuno ng simbahan, ***"Dapat nga na ang obispo ay walang kapintasan, asawa ng isa lamang babae, mapagpigil, mahinahon ang pagiisip, mahusay, mapagpatuloy, sapat na makapagturo;"(1Timoteo 3:2) "8 Kundi mapagpatuloy, maibigin sa mabuti, mahinahon ang pagiisip, matuwid, banal, mapagpigil;" (Tito 1: 8)*** at ginawa ito ni Pedro na isang pangangailangan sa bawat mananampalataya. Totoo nga na walang magbubunga kung hindi siya nagpapakita ng pagkamapagpatuloy. *Kusang loob na magbigay at magsakripisyo ay ang katangian ng pagibig ni Cristo.*

***"9 Na mangagpatuluyan kayo ng walang bulongbulungan:" (1 Pedro 4:9)*** Ang sama ng loob ay bulongbulungan, walang kasiyahan at pakikipagtalo laban sa isa't isa. Ito ay kasalanan at ito ay isang pagkatao at isang suliranin sa paguugali na ang mananampalataya kay Cristo ay dapat itong harapin sapagka't ito'y maaring humantong sa kawalan ng bunga. Ang pagbulong bulong ay maaring nakatuon bilang walang kasiyahan sa Panginoon. ***"At nagkaroon ng maraming bulongbulungan tungkol sa kaniya ang karamihan: sinasabi ng ilan, Siya'y taong mabuti; sinasabi ng mga iba, Hindi gayon, kundi iniliigaw niya ang karamihan." (Juan 7:12)*** o itoy maaring nakatuwid laban sa isa't isa dahil ang ilang mga pribelihiyo sa pagkaligtas gaya ng ating mababasa dito sa naunang simbahan, ***"1 Nang mga araw ngang ito, nang dumadami ang bilang ng mga alagad, ay nagkaroon ng bulongbulungan ang mga Greco-Judio laban sa mga Hebreo, sapagka't ang kanilang mga babaing bao ay pinababayaan sa pamamahagi sa araw-araw." (Mga Gawa 6:1)*** Kaya't tayo'y pinapayuhan na gawin ang lahat ng bagay ng walang pakikipagtalo o.pagrereklamo, ***"Gawin ninyo ang lahat ng mga bagay na walang mga bulungbulong at pagtatalo:" (Filipos 2:14)*** *Kaya sa pagharap sa pagdurusa kinakailangan pa rin nating magpakita ng pagibig sa kapwa tao, at mag alok ng pagkamatuluyin at walang pag aalinlangan.*

***"10 Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawa't isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios;" (1Pedro 4:10)*** *Dapat tayong maging maka-tao na may pakinabang sa iba. Anumang mayroon tayo ito'y nagmula sa Dios at hindi ito'y hindi lamang para sa atin. Kailangang gamitin natin ang mga ito para kapakinabangan at sa kagalingan ng simbahan ng Dios at para sa iba upang lasapin at maranasan ang kabutihan ng Dios.* Ang pagpapatakbo ng mabuting pangangasiwa sa pagbabahagi at paggamit ng mga kaloob para sa kapakanan ng iba; bawat isa sa atin ay nakatanggap ng kaloob mula sa Dios at kinakailangan sa atin na paunlarin ang mga ito at gamitin ang mga ito upang maglingkod sa Dios at maglingkod sa iba, na ipinapakita sa ganitong paraan ang masaganang biyaya ng Dios. Ang simbahan ay kumpleto sa pangulo nito, si Cristo. Na nagbigay sa atin ng iba't ibang mga kaloob upang ang kanyang biyaya ay malubos na maibigay sa atin.

***"10 Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawa't isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios;" (1 Pedro 4:10)*** *Para maglingkod ay maging isang lingkod, upang kusang loob na magdusa, upang dumalo at magtustos sa mga kailangan ng iba; upang maghintay sa isang dulang, upang ihanda ang pagkain sa iba, upang magtustos ng pagkain at ipamahagi ang mga pangangailangan ng buhay; upang pangalagaan ang dukha at ang may karamdaman.* Para maglingkod ay pangasiwaan ang tanggapan ng isang diakono sa simbahan ng mga Kristiyano at upang maglingkod bilang mga diakono. ***"10 At ang mga ito rin naman ay subukin muna; kung magkagayo'y mamahalang may pagka diakono, kung walang kapintasan.13 Sapagka't ang nangamamahalang mabuti sa pagka diakono, ay nangagtatamo sa kanilang sarili ng isang mabuting kalagayan, at malaking katapangan sa pananampalataya na kay Cristo Jesus" (1 Timoteo 3:10, 13)*** Hiniling ni Pablo na ingatan si Onesimus na kasama niya upang siya'y makapaglingkod sa kanya at tulungan siya habang siya'y nangangaral ng evangelio, ***"13 Na ibig ko sanang pigilin siya sa aking piling, upang sa iyong pangalan ay paglingkuran ako sa mga tanikala ng evangelio:" (Philemon 1:13)***

"***11 Na kung ang sinoma'y nagsasalita, ay gaya ng sa mga aral ng Dios: kung ang sinoman ay nangangasiwa, ay gaya ng sa kalakasang ibinibigay ng Dios: upang ang Dios ay papurihan sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesucristo, na sa kaniya ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan man. Siya nawa." (1 Pedro 4:11)***

***"11 Na kung ang sinoma'y nagsasalita, ay gaya ng sa mga aral ng Dios: kung ang sinoman ay nangangasiwa, ay gaya ng sa kalakasang ibinibigay ng Dios:*** Hinati ni Apostol Pedro ang espirituwal na mga kaloob sa dalawang anyo. Ang una ay mangasiwa sa pamamagitan ng pagsasalita gaya ng ating babasahin dito: ***"7........o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; 8 O ang umaaral, ay sa kaniyang pagaral: ang namimigay, ay magbigay na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nahahabag ay magsaya." (Roma 12:7-8) "8 Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: 10........ at sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. 12 Sapagka't kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan; gayon din naman si Cristo. " (1 Corinto 12:8, 10, 28)*** Ang ang pangalawa ay mangasiwa sa paggawa: ***"7 O kung ministerio, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministerio; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo; 8...... ang namimigay, ay magbigay na may magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nahahabag ay magsaya." (Roma 12:7-8) "9 Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. 10 At sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika. 28At ang Dios ay nag lagay ng ilan sa iglesia, una-una'y mga apostol, ikalawa'y mga propeta, ikatlo'y mga guro, saka mga himala, saka mga kaloob na pagpapagaling, mga pagtulong, mga pamamahala, at iba't ibang mga wika." (1 Corinto 12:9-10, 28) "11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:" (Epeso 4:11-12)***

***"12 Mga minamahal, huwag kayong mangagtaka tungkol sa mahigpit na pagsubok sa inyo, na dumarating sa inyo upang kayo'y subukin, na waring ang nangyayari sa inyo'y di karaniwang bagay:" (1 Pedro 4:12)*** Ang mga pagsubok sa pagdurusa at pagdurusa para kay Cristo ay di karaniwang bagay na nagaganap sa ating buhay. Hindi lamang sa mga pagsubok kundi sa mahigpit na pagsubok, na ang diablo ay sinusubukang hadlangan ka, isang pagsubok na ikaw ay mapapagod. Ang iyong katayuan para sa Panginoon at sa iyong paglilingkod ay hahadlangan ng kapangyarihan ng kadiliman at sa mga pamunuan ng sanglibutang ito na sumasalangsang kay Cristo at sa Kanyang Kaharian. *Bilang si Cristo ay sinalungat at nagdusa mula sa mga pinuno ng relihiyon noong panahong iyon na tutol sa Kanyang misyon na nakakaapekto sa kanilang posisyon at pag aayos, ngayon inaasahan na tayo ay magdusa tulad ng Kanyang pagdurusa kapag ang ating pangangaral at ang paraan ng ating pamumuhay at paglilingkod ay hinahatulan ang kasalanan at gawain ng kadiliman.*

***“13 Kundi kayo'y mangagalak, sapagka't kayo'y mga karamay sa mga hirap ni Cristo; upang sa pagkahayag ng kaniyang kaluwalhatian naman ay mangagalak kayo ng malabis na galak.” (1 Pedro 4:13)*** Sa halip ng pagiging palaisipan ng mga pagsubok, tayo’y magalak at maging masaya, at para mga sumusunod na mga kadahilanan. Tayo'y nagagalak sa mga pagsubok sapagka't nalalaman natin na natamaan natin ang salarin. Tayo'y nagagalak sapagkat tayo'y nakikibahagi sa pagdurusa ng ating Guro at Panginoon, nalalaman na isang araw Siya ay magpapakita at ang mga pagsubok na ito'y matatapos at tayo'y gagantimpalaan Niya.

***“14 Kung kayo'y mapintasan dahil sa pangalan ni Cristo, ay mapapalad kayo; sapagka't ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagpapahingalay sa inyo.” (1 Pedro 4:14)*** Ang pagkakaroon ng pagpili na magdusa ay isang pribelihiyo at pagkakaroon ng gantimpala nito. Kung ang mga tao ay kinukutya tayo at inabuso ang ating pangalan dahil tayo'y sumusunod sa Kanya at alinsunod sa Kanyang Salita kung gayon dapat tayong maging masaya para doon. Nakakamit natin ang nais ng Dios na makamit natin. Ang relihiyosong sistema sa panahon ni Cristo at kalaunan sa mga apostol, ay tinanggihan si Cristo sapagkat pinanghahawakan nilang mahigpit ang kanilang makamundong pribelihiyo at katanyagan at dahil sila ay nakaupo sa isang tiwaling sistema na inilantad at hinatulan ni Cristo at ng Kanyang Salita at pag-uugali. Ngayon kung ating susundin ang itinalaga ni Cristo at ng Kanyang Salita kung gayon tayo ay pinangunahan ng Banal na Espiritu, ***“sapagka't ang Espiritu ng kaluwalhatian at ang Espiritu ng Dios ay nagluluwalhati sa inyo”,*** upang tuparin ang Kanyang kalooban at plano; na kahit na tayo ay sasalubungin ng pagsalangsang ng mga tao na sumasalungat sa Salita ng Dios, kailangan pa rin nating maging masaya. ***“sa kanilang bahagi siya ay sinasabihang masama, datapuwa't sa iyong bahagi siya ay naluluwalhati”;*** sa kanilang bahagi Siya/ o tayo ay sinasabihan ng masama, ngunit sa ating bahagi Siya ay naluluwalhati at tayo'y nabubuhay sa Kanyang kalooban ayon sa Kanyang Salita. Sa kanilang bahagi Siya ay tinatawag na mandaraya, ***“Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon akong muli." (Mateo 27:63)*** at tayo ngayon ay tinatawag na bulaang mga propeta at mga mandaraya, ***“Sa pamamagitan ng karangalan at ng kasiraang puri, sa pamamagitan ng masamang ulat at ng mabuting ulat; gaya ng mga magdaraya gayon ma'y mga mapagtapat;” (2 Corinto 6:8)*** Ngunit sa ating bahagi Siya ang daan at sinasalita natin ang katotohanan sa pagibig.

***“15 Nguni't huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:” (1 Pedro 4:15)*** Mayroong ibang pagdurusa sa ibang anyo at iyon ay dahil sa kasalanan. Ang mga tagasunod ni Cristo ay hindi dapat magdusa dahil sa kasalanan katulad ng pagnanakaw, pandaraya, pagsisinungaling, pagsusulong ng kasamaan, immoralidad, at ang lahat ng masamang gawain. Kailangan nating maunawaan na ang kawalang kahandaang gawin kung anong nais ni Cristo mula sa atin, dahil ayaw nating magdusa, kung gayon ang kasalanan ng pakikipagkompromiso ay ibibigay sa atin, at tayo'y magiging kabahagi ng mga gumagawa ng masama. Sinabi ni Pablo kay Timoteo, ***“Huwag mong ipatong na madalian ang iyong mga kamay sa kanino man, ni huwag kang makaramay sa mga kasalanan ng iba: ingatan mong malinis ang iyong sarili.” (1 Timoteo 5:22)*** Kapag ang mga tao ay gumagawa ng masama at tayo'y nanatiling tahimik, kung gayon parang ipinapatong na natin ang ating mga kamay sa iba na hindi karapat dapat sa pagtanggap. Sa pananhimik at paglunok sa kasinungalingan at walang ginagawa tungkol sa kasalanan ay hindi ang paraan upang maglingkod sa Dios. Sa ganoong paguugali sinuportahan natin ang masasamang tao at iniiwan si Cristo. Sinabi ni Pedro, ***“Nguni't huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:”*** Kapag hindi natin ipinaglaban ang katotohanan pinapatay natin ito at tayo'y mamamatay-tao. Kapag inabuso natin ang katagang inilagay ng Dios sa Kanyang Salita, kung gayon tayo'y mga magnanakaw at gumagawa ng masama. Kapag ginagawa natin ang maraming mga bagay ngunit hindi natin hinaharap ang lugar na kailangan nating itama o ang kasalanan na kailangang harapin sa gayon kumikilos tayong mapagpakialam. Marami itinataboy nila ang mga pagpapala ng Dios na dumarating sa kanila sa pagpanig sa gumagawa ng masama dahil lamang sa takot at dahil ayaw lamang nilang maging magulo ang kanilang buhay dahil sa paglaban sa mga gumagawa ng masama na nakikipaglaban sa kanila kapag itinutuwid nila sila.

Si Apostol Pedro nang sinabi niya, ***“Nguni't huwag magbata ang sinoman sa inyo na gaya ng mamamatay-tao, o magnanakaw, o manggagawa ng masama, o gaya ng mapakialam sa mga bagay ng iba:”,*** tinutugunan niya ang ilang malalaking kasamaan gaya ng pagpatay, at pagnanakaw. Dahil ang sulat ay nakatuon sa simbahan, at doon sa kanyang sulat ay walang patunay na mayroong ilan sa kanilang mga tao na gumagawa ng ganoon, kaya't malamang ang ibig niyang sabihin ay ang sumusunod: kapag ang simbahan ay piniling iwasan ang pagdurusa sa mga kamay ng mga sumasalangsang sa katotohanan, at kapag ang simbahan ay pumapanig sa kanila sa pananahimik ng kanilang maling gawain upang iwasan ang pagdurusa, kung gayon ang simbahan ay nakikibahagi sa parehong pagkakasala na sistema ng relihiyon na binubuo ng mga punong pari at ang mga guro ng kautusan na nagpahirap kay Cristo.

Ipinaalam sa atin na kung hindi tayo maglalagay ng malinaw na hangganan sa pagitan ng mabuti at masama sa ating buhay sa ating paglilingkod kung gayon tayo'y hahatulan ng parehong pagkakasala ng mga kriminal na nagpapatay kay Cristo.Hahatulan tayo ng Dios dahil dyan. Sinabi ni Jesus sa mga Fariseo, ***“29 Sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginayakan ang mga libingan ng mga matuwid, 30 At sinasabi ninyo, Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan ng aming mga magulang disi'y hindi kami nangakaramay nila sa dugo ng mga propeta. 31 Kaya't kayo'y nangagpapatotoo sa inyong sarili, na kayo'y mga anak niyaong mga nagsipatay ng mga propeta. 32 Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong mga magulang.” (Mateo 23: 29-32)*** Kapag tayo'y nanahimik habang ang kasalanan ay nagaganap, at kapag ang mga taong tinawag ng Dios ay gumagawa ng masama at humwalay sa katotohanan ng Dios at ang kautusan ng Dios ay nawasak, kung gayon tayo'y kabahagi sa mga nagsipatay sa mga propeta ng Dios at nagpako kay Cristo. Si Pedro ay nanangis ng matindi nang itinanggi niya na kilala niya si Cristo. Dapat tayong magsisi, sa tuwing hindi nating pinahintulutang mahusay na salitain ang katotohanan ng Dios, o kapag ang kasalanan ay hindi naharap ng mabuti.

***“16 Nguni't kung ang isang tao ay magbata na gaya ng Cristiano, ay huwag mahiya; kundi luwalhatiin ang Dios sa pangalang ito.” (1 Pedro 4:16)*** Tayo'y tinawag para luwalhatiin ang Dios sa pagpapahayag ng katotohanan. Sinabi ni Pablo, ***“10 Na inyong pinatutunayan ang kinalulugdan ng Panginoon; 11 At huwag kayong makibahagi sa mga walang mapapakinabang na gawa ng***

***kadiliman, kundi bagkus inyong sawatain;" (Epeso 5:10-11)*** Kahit na ito'y nagdudulot sa atin ng kadalamhatain; ito'y karapat dapat na ipahayag ang katotohanan sa ganoong paraan. *Hindi dapat tayong mahiya kung anong makukuhang masamang opinyon ng mga tao o pagkilala tungkol sa atin. Ngunit tayo'y matakot at mahiya kapag hindi natin ginagawa ang sinasabi sa atin ng Salita ng Dios na gawin.*

***"17 Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios: at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios?" (1 Pedro 4:17)*** Ang pagsasawalang bahala sa katotohanan ay kasalanan, gayundin sa pagwawalang bahala patungo sa kasalanan; pareho ang mga ito na hahatulan ng Dios. Unang hahatulan ng Dios ang Kanyang bayan dahil nalalaman nila ang Kanyang Salita at dahil binigyan Niya sila ng biyaya at dapat nilang ipakita ang kanilang pananagutan sa lahat ng kanilang narinig, tinanggap at nakita. ***"Sapagkat dumating na ang panahon",*** kaya mapipilitan tayo sa panahon at hindi dapat hayaang mahuli ang lahat na tumugon sa tawag ng Dios upang gawin ang ating bahagi para sa Kanya. ***"na ang pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios"***, ito ay napaka patas, at dapat nating malaman na ang pagkilala kay Cristo ay gagawin sa atin nang mas may pananagutan at siguradong tatanggapin natin ang Kanyang paghuhukom kung hindi natin pananatilihin ang kabanalan at kumilos ng may kaibahan tulad ng mga hindi nakarinig sa evangelio ni Cristo at ng Salita ng Dios. ***"at kung mauna sa atin, ano kaya ang wakas ng mga hindi nagsisitalima sa evangelio ng Dios"***, tayo ang unang hahatulan, at mas masahol pa ang kahahantungan ng mga hindi nagsitalima sa evangelio. Kaya kung tayo ay magiging walang malasakit sa katotohanan ng Dios at nakipagkomprmiso at takasan ang ating tungkulin na harapin ang kasalanan at itama ang mga gumagawa ng masama kung gayon tayo ay nasa kanilang kampo at sasalo sa galit ng Dios na ipadadala niya sa kanila. ***"Lumalakad ka na kasama ng mga pantas na tao, at ikaw ay magiging pantas; nguni't ang kasama ng mga mangmang ay mapapariwara." (Kawikaan 13:20)*** Kailangan talaga nating lumayo mula sa mga sumasalangsang sa katotohanan.

***"18 At kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas, ang masama at ang makasalanan ay saan kaya magsisiharap?" (1 Pedro 4:18***) Ginawang malinaw ito ni Apostol Pedro sa simbahan***, "At kung ang matuwid ay bahagya ng makaliligtas,"*** iyon ay para sa ating kaligtasan kailangan nating gawing posible ito ng may takot at panginginig. Lahat ay susubukin at sisiyasatin; kung handa nating ihinto ang pakikipagkompromiso at manindigan sa katotohanan kung gayon ang kaligtasan ay mapapasa atin, kung hindi magkagayon tayo ay nakikibahagi nang husto sa mga hindi makadios.

***Sa aking mahal at minamahal:*** *Sa pagbibigay halimbawa kay Cristo para sa atin ay nagtuturo sa atin na sumunod sa mga utos ng Dios at sa huli'y pangunahan tayo na ibigay ang ating buhay para maglingkod sa Kanya upang paglingkuran ang iba*. ** Sa pag-iingat ng mga utos Dios at pagbibigay sa ating buhay para sa kapakanan ng iba ay makikita ang tunay na pagibig. Handang magbigay at magsakripisyo ay ang katangian ng pagibig ni Cristo.*

***"19 Kaya't ipagkatiwala naman ng nangagbabata ayon sa kalooban ng Dios ang kanilang mga kaluluwa sa paggawa ng mabuti sa tapat na Lumalang." (1 Pedro 4:19)*** Tayo'y maging handa na magdusa para kay Cristo; sa pagpapanatili ng Kanyang Salita at pagpapakita ng Kanyang pagibig na magdudulot sa atin ng pagsalangsang at pagdurusa mula sa mga humahadlang sa katotohanan at nasisiyahan sa mga kasinungalingan. Ngunit ito'y karapat dapat sa pagdurusa, at kailangan nating batahin, sapagka't ang Dios ay tapat Niya tayo bibiguin ni hindi Niya malilimutan ang lahat ng kabutihang nagawa natin para sa Kanya at para sa Kanyang bayan sa pagpapanatili sa kanila na lumalakad sa katotohanan at sa patuloy na paglilingkod sa kanila sa pagibig.

Ang pagdurusa ayon sa kalooban ng Dios ay dapat maging ating layunin at pakay sa lahat ng ating paglakad at paglilingkod, at pinapanatili natin iyon sa pamamagitan ng pag-iingat at pagsuko sa ating buhay at sa ating mga kaluluwa nang lubos sa Kanya upang kunin tayo at ingatan tayo sa paraan na nais Niya tayong pumunta gaya ng itinalaga sa Kanyang Salita na ipaliwanag natin sa mensahe. Makakatiyak tayo na sa kadalamhatian Siya ay nariyan upang pakalmahin tayo, sa pakikipaglaban, Siya ay nagdurusa kasama natin, sa pagdurusa, Siya ang ating pagasa at nagpapalakas sa ating loob sa pananalangin hanggang makatagpo natin Siya sa alapaap. ***"Kaya't mangagaliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito." (1 Tesalonica 4:18)*** Tayo ay manalangin.

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios Ako'y lumalapit s iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako'y nagpapasalamat sa iyo para sa iyong salita na nagawa kong maunawaan ang paraan na nais mong ipamuhay ko para sa iyo.

Ating ipahayag ang ating mga kasalanan sa Panginoon _________________________.Hinggin sa Dios ang kapatawaran para sa iyong walang kahandaang magdusa, para sa iyong kawalang kahandaang maglingkod at ipakita ang pagibig sa iba, at para sa iyong pagbulong bulong at pakikipakompromiso.

Panginoon, ipinapangako ko ang aking buhay na kusang loob na maglingkod sa iba ng may espirituwal na mga kaloob na ibinigay mo sa akin. Panginoon, handa akong manindigan para sa katotohanan, handang harapin ang kasalanan, kasamaan at pakikipagkompromiso sa loob at labas ng iyong simbahan. Panginoon bigyang kapangyarihan ako ng iyong Banal na Espiritu at palakasin ang aking loob kapag ang mga tao'y nagsasabi ng maraming mga bagay laban sa akin dahil sa iyong Salita at sa katotohanan. Panginoon alalayayan mo ako at ibigay ang para sa akin upang ako'y makapagpatuloy maglingkod sa iyo.

Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tumanggap ng iyong Salita at handang ipamuhay ang kanilang buhay para maglingkod at magdusa para sa iyong Salita.Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang kanilang pangangailangan. Panginoon iligtas mo sila mula sa lahat ng paguusig at ng paglusob ng diablo.

Panginoon pagpalain kami at alalayan kami bilang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin para magpatuloy na maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon, kami'y nananalangin na pusposin mo kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at paging dapatin kaming maglingkod sa iba nang may pagibig. Panginoon pangunahan kaming magtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Dios". Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com